

# 1

*Nagising si Dallas sa ingay na nagmumula sa sala. Pupungas-pungas na bumangon ang walong taong gulang na bata at sumilip sa labas ng pinto ng kanyang silid. Nag-aaway ang mommy at daddy niya, katulad ng dati niyang nasasaksihan.*

*“Ilang ulit ko bang sasabihin sa iyo, Eva, wala akong babae!”*

*“Sinungaling! Kung wala kang babae, bakit ilang gabi kang hindi natulog dito? Saan ka naglagi?” usisa ni Eva.*

*“May inasikaso akong trabaho,” saad ni Lauro.*

*“At sa akala mo’y maniniwala ako? Marami akong naririnig na bali-balita—”*

*“Iyan ang hirap sa iyo, mas pinaniniwalaan mo ang naririnig mong tsismis kaysa sa akin!”*

*“Dahil kilala kita! Minsan mo nang nagawang lokohin ako, at magagawa mo uli.”*

*Sandaling naghari ang katahimikan. Malakas ang tensyong bumabalot sa mag-asawa.*

“Sige, kung iyan din lang ang paniniwala mo, mas mabuti pa nga sigurong totohanin ko na! Maghahanap ako ng ibang babae, iyong higit na karapat-dapat kaysa sa iyo!” singhal ni Lauro. “And you know what, ngayon ko lang na-realize kung bakit nagtitiis pa ako sa piling mo. Wala ka namang kuwenta!”

“A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“I’m fed up with your constant naggings! Iiwan na kita!”

Iniwan ng lalaki ang asawa at pumasok sa master’s bedroom. Sumunod ang babae. Lumabas din ng kanyang silid si Dallas at sinundan ang mga magulang. Nakita niyang kinuha ng daddy niya ang malaking maleta at ipinatong sa kama. Binuksan nito ang built-in closet, kinuha ang mga damit pagkatapos ay basta na lang inilagay sa bukas na maleta.

“Nagbibiro ka lang, Lauro. Sabihin mong nagbibiro ka lang!”

Ngunit hindi tumigil sa pag-eempake ang lalaki. Sa likod ng nakaawang na pinto ay tahimik lang sa pag-iyak si Dallas.

“Lauro...” Hinawakan ng mommy niya ang braso ng kanyang ama ngunit tinabig lang iyon ng huli. “Huwag mo akong iwan! Nagmamakaawa ako...”

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

*“Too late, Eva! Kahit kailan ay hindi ka nagtiwala sa akin. Lahat na lang ng gawin ko para sa pamilyang ito, binibigyan mo ng ibang kulay. Sawang-sawa na ako sa mga walang basehan mong akusasyon! Sa bawat araw, lalo mo lang pinatunayan sa akin kung gaano ka kawalang-kuwentang asawa!”*

*“No! P-please... maawa ka sa akin, magbabago na ako! H-huwag mo lang kaming iwan ng anak mo...”*

*“Hindi ko iiwan si Dallas sa iyo! Isasama ko ang anak ko!”*

*Muling tinabig ni Lauro ang asawa. Sumadsad ito sa sahig. Habang patuloy ang lalaki sa pag-aayos ng gamit, tumayo si Eva at nilapitan ang side table saka binuksan ang drawer. Nang muling humarap ito sa asawa ay tangan na nito ang isang baril.*

*“Hindi ako papayag na iwan mo ako! Mas mabuti pang mamatay ka na lang kaysa mapunta ka sa iba!”*

*Iyong lingon ni Lauro sa kabiyak ay siyang putok naman ng baril. Tinamaan sa dibdib ang lalaki.*

*“Daddy!” umiiyak na sigaw ni Dallas na nakita pa kung paanong bumagsak sa ibabaw ng kama ang katawan ng ama. Nagkulay-dugo kaagad ang bahaging binagsakan nito.*

*Tulirong binalingan niya ang ina na parang wala na sa sarili. Umiiyak itong nakatitig sa bangkay ng asawa.*

*“H-hindi ko sinasadya...” anitong hindi tuminag sa kinatatayuan. Ang bata ay hindi rin magawang kumilos. Natatakot siya sa ina na hawak pa rin ang baril.*

*“Pero huwag kang mag-alala, kasi sasamahan kita...” Humahagikgik pa ito nang itapat ang dulo ng baril sa sentido. “Till death do us part, di ba? Hintayin mo lang ako. Nariyan na ako.”*

*“Mommy!” hiyaw niya. Pero walang narinig ang kanyang ina. Sa harap niya ay ipinutok nito ang baril at walang buhay ring bumagsak sa ibabaw ng kama, sa tabi ng bangkay ng kanyang ama.*

---

*“Mommy! Daddy!”*

*Pabalikwas na bumangon si Dallas. Pinagpapawisan siya at nangangapos ang kanyang paghinga. Nanginginig ang mga daliring dinampot niya ang baso at ang pitsel ng tubig sa side table. Nakaubos siya ng dalawang basong tubig bago naging normal ang kanyang paghinga. Nang bahagyang mahimasmasan ay sumandal siya sa headboard ng*

kama at ipinikit ang mga mata.

Labinwalong taon na ang nakakaraan magmula nang masaksihan niya mismo ang pagkamatay ng kanyang mga magulang. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nakaka-recover sa trauma.

Nabasa ng luha ang kanyang mga pisngi.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya maintindihan kung bakit nangyari ang trahedyang iyon. Hindi sila perpektong pamilya. At nasanay na siyang palaging nag-aaway ang mommy at daddy niya. But she never expected their lives to end the way it did.

Tinuyo ni Dallas ang basang mga pisngi at muling humiga. Kailangang pilitin niyang matulog. The nightmare only occurs once every night. Nangyari na iyon ngayong gabi at hindi na uulit pa. But she doubted if she could find sleep again. The nightmare usually left her emotionally and physically drained but agitated.

Nagawa naman niyang makaidlip kahit sandali. Bumangon na siya bago pa man mag-alarm ang cellphone niya na naka-set ng alas cinco ng umaga.

Tahimik siyang nagluto ng agahan at kumain. Pagkatapos ay naligo at nagbihis upang maghanda

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

sa pag-alis. Naiayos na niya nang nagdaang gabi ang mga dadalhin sa *Rancho Brillantes* na matatagpuan sa Quezon, Bukidnon. Doon siya nakatakdang magtrabaho bilang isang veterinarian.

Matapos ang libing ng kanyang mga magulang, isang babaeng nagpakilalang Claire Brillantes ang lumapit sa kanya. Best friend daw ito ng mommy niya. Ito ang tumayong benefactor niya dahil wala na siyang ibang kamag-anak at tanging ang Yaya Adel niya ang kanyang kasama. The woman provided all her needs and even paid for her education. Pagtanaw lang daw iyon ng utang-na-loob dahil kinupkop din ito ng nasira niyang lola sa mother side noon.

Ang naging kasunduan nila, sa oras na makapagtapos siya at maipasa ang board exam ay pupunta siya sa *Rancho Brillantes* at doon magtatrabaho.

Alas onse ng tanghali pa ang schedule ng flight niya papuntang Cagayan de Oro. Pero nagpasya siyang umalis nang maaga at sa airport terminal na lamang maghintay.

Ikinandado niya ang front door matapos siguruhing secured ang loob ng bahay.

Mag-isa na lamang siyang nakatira roon buhat

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

nang magpaalam ang kanyang yaya na babalik na ito sa probinsya. Tanging sa kapitbahay lang niya maihahabilin ang maliit nilang bungalow.

---

Lumapag ang eroplano na sinakyan ng dalaga sa *Lumbia Domestic Airport* sa Cagayan de Oro. Paglabas ng airport terminal ay nagpalinga-linga siya upang hanapin ang kanyang sundo.

“Miss Dallas San Jose?”

Gumulat sa kanya ang malamig at suwabeng tinig ng isang lalaki. Nang tingnan niya ang nagsalita, ang unang napansin niya ay ang deep-set na mga mata nitong animo palaging nagmamakaawa. They were so expressive na hindi niya magawang ialis ang sariling mga mata rito.

Tumikhim ito at saka lamang siya bumalik sa huwisyo. Namula siya nang makitang nakangiti ito.

“I’m Rick Brillantes.” Inilahad nito ang kanang kamay. She gladly took it and they shook hands.

Magaspang ang palad nito, probably because of the hard work. But it was warm. At naroon ang gentleness sa simpleng pagpisil nito sa kanyang palad.

“H-hi,” nahihiyang tugon niya. His grin got

even wider. Hindi sinasadyang mapako naman ang paningin niya sa mga labi nito. At isang salita lang ang kaagad na pumasok sa kanyang isip... sexy!

Bigla siyang nagbaba ng paningin at simpleng binasa ng dila ang natuyong labi. Why was she feeling this urge to be kissed by a total stranger?

“Halika na. Kumain muna tayo bago bumalik sa rancho,” he said na kinuha ang bitbit niyang maliit na maleta at ang malaking knapsack na nasa balikat niya. Parang balewala lamang dito ang bigat ng dala.

Sumunod siya sa binata hanggang sa pinagparadahan ng isang *Wrangler* jeep. Inilagay nito sa likod ang mga bagahe niya bago binuksan ang passenger door para sa kanya. Nang makasakay siya ay saka naman ito lumigid sa driver side.

“M-malayo ba dito ang rancho ninyo?” tanong niya nang sa wakas ay makaipon siya ng lakas upang makapagsimula ng pag-uusap. Kung bakit kasi ganoon na lamang katindi ang naging initial effect ni Rick sa kanya!

Muli ay sinulyapan niya ang katabi. He had raven black hair, dark revealing eyes and sexy lips. Kamuntikan na nga siyang mag-drool kanina nang matitigan ito.



“Mga an hour and a half. Pasensya ka na. Sarado kasi iyong airport sa Malaybalay. CDO is the nearest point of entry,” paliwanag nito. Hindi na ito nagsalita at nag-concentrate na lamang sa pagmamaneho.

Isang highly urbanized city na ang Cagayan de Oro. Sa rami ng naglalakihang business establishments na natatanaw niya ay parang hindi na rin siya umalis ng Manila.

Inihimpil ni Rick ang sasakyan sa harap ng isang restaurant. Inalalayan siya nito pababa ng jeep. Pumasok sila at kumain ng tanghalian bago muling bumiyaha patungong *Rancho Brillantes*.

Habang nagmamaneho ito, naaliw si Dallas na pasimpleng obserbahan ang binata. Nakakabighani man kasi ang mga tanawin sa labas, para sa kanya ay mas masarap itong titigan kaysa sa mga sasakyan at buildings na nadaraan nila.

Nakalilis hanggang sa siko ang manggas ng polo nito, kaya kita niya ang mga braso nito na napapalibutan ng pinong balahibo. His long fingers gripped the steering wheel firmly. Namumutok din ang suot nitong jeans dahil sa matitipunong hita at binti. Bilang sapin sa paa, isang pares ng old cowboy boots ang suot nito. Di-sinasadyang napatingin siya sa umbok sa middle part ng katawan nito. Tahimik

siyang napasinghap.

Bigla niyang ipinaling sa labas ang paningin and absent-mindedly fanned her face with her hand. Pakiramdam niya ay namumula ang buong mukha niya hanggang sa leeg.

---

Lihim na natatawa si Rick. Mabuti na lamang at pumayag siya sa gusto ng ina na siya mismo ang sumundo sa bago nilang beterinarya.

Inwardly, he was surprised to see her. Ang huling kita niya sa dalaga ay noong nagpadala ito ng picture after high school graduation. She was already pretty back then. She was more beautiful now with a body any man would die for! Hindi bagay rito ang mag-alaga ng mga kabayo at baka. Mas bagay kay Dallas ang magsuot ng mga eleganteng damit at rumampa sa catwalk.

But on second thought, mas maganda ngang hindi modeling ang pinili nitong propesyon.

“Naiinip ka ba?” tanong niya upang muling kunin ang atensyon nito. He wanted to see her face again.

Sumulyap siya nang lumingon ito.

“H-hindi naman...” anito sa mahinang tinig.

Binasa nito ng dila ang mga labi. It was done on impulse at hindi intensyong akitin siya.

Bahagyang gumiwang ang sasakyan nila dahil nabigla siya sa ginawa nito. Dumiin ang hawak niya sa manibela. Panay rin ang lunok na ginawa niya.

Hindi siya inosente pagdating sa babae. He had enough sexual experience with the female specie to know when one was attracted to him. Dallas was obviously attracted to him, although she might not know it yet. The good thing was the attraction was mutual.

Halos isang oras na silang nagbibiyahe nang mapalitan ng malalawak na palayan ang nagtataasang buildings. Kalahating oras pa ang lumipas nang pumasok sila sa arko na bungad na ng *Rancho Brillantes*. Isang mahabang dirt road ang binagtas nila bago sila huminto sa isang malaking bahay na bato.

Pinatay ni Rick ang makina ng sasakyan bago inalalayan ang dalaga palabas. Isang matandang lalaki ang sumalubong sa kanila at kinuha ang maleta mula sa kanya.

“Let’s go.” Hinawakan niya sa siko si Dallas at inakay papasok sa malaking bahay. Naabutan pa nilang bumababa ng hagdanan si Mrs. Claire

Brillantes.

Ibinaba niya ang bitbit na knapsack, lumapit sa ina at hinalikan ito sa pisngi.

“Ma, si Dallas,” pakilala niya sa kasama.

Ngumiti ang kanyang ina at nilapitan ito. Kaagad nitong niyakap at hinalikan sa pisngi ang dalaga.

“Kumusta ka, Hija? Naging maayos naman ba ang biyahe mo?” Isang biyuda si Claire. Matagal nang namayapa ang asawa nito.

“O-okay naman po.”

“That’s good.” Nilingon siya ng kanyang ina. “Rick, ang mabuti pa’y samahan mo na siya sa magiging silid niya at nang makapagpahinga muna si Dallas bago tayo maghapunan.”

Tumango siya at hinawakan ang isang kamay ng dalaga. Hindi niya pinansin ang pagtaas ng isang kilay ng ina.

Samantala, nabigla ma’y hindi nagawang tumutol ni Dallas. Mahigpit ang pagkakahawak ni Rick sa isang kamay niya na para bang maliligaw siya kapag binitiwang siya nito. As much as she wanted the physical closeness, nalilito siya sa nararamdaman.

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

“K-kaya ko nang umakyat mag-isa.”

“Ha?” puzzled na tanong nito.

“B-bitiwang mo na ang kamay ko,” sagot niya.

Tiningnan nito ang magkadaop nilang palad at ngumiti.

“Mamaya na. I like holding your hand.”

Umawang ang bibig niya sa sinabi nito.

“Close your mouth, Sweetheart. Baka ma-tempt din akong halikan ka.”

Namilog ang mga mata niya.

## 2

“Here’s your room.”

Isang silid na doble ang laki sa dating kuwarto niya ang bumulaga sa kanya nang buksan ni Rick ang pinto. It was the classic picture of the old blending in with the new. Antigo ang four-poster bed pati na rin ang malaking aparador. Pero sa harap ng kama ay isang flat screen TV at kompletong audio set. Sa isang sulok ay mayroong work table na may nakapatong na laptop.

“Sana’y ma-enjoy mo ang stay mo dito.”

Nginitian ni Dallas ang binata. “I... I know I will...” tipid niyang sagot. Hindi pa rin kasi siya nakaka-recover sa mga sinabi at ginawa nito kanina. And his mere presence beside her made the room feel smaller. Hindi niya mapagdesisyunan kung aatras o mananatili sa tabi nito dahil initimidated siya sa lalaki. Not in a threatening way, but nevertheless, dangerous. Dahil damdamin niya ang naapektuhan nito. At bago sa kanya ang mga sensasyong hatid ng pagiging malapit nito.

“Sige, iiwan na muna kita para makapagpahinga

ka. Mabuti sigurong umidlip ka muna para makabawi ka ng lakas.”

Tumango siya, sabay ngiti.

He stared at her for a few more seconds. Umangat ang isang kamay nito at marahang dumapo sa pisngi niya. The heat of his palm was enough to create goosebumps all over her skin.

“I’ll see you later.”

Hindi niya magawang sumagot. Nakapinid na ang pinto ay nakatayo pa rin siya at tulala. Wala sa loob na hinaplos niya ang pisnging hinawakan ng binata. Nanlalambot ang mga tuhod na napaupo siya sa kama.

Bakit ganoon na lamang ang dating nito sa kanya?

---

“Naihatid mo na siya sa silid niya?” tanong ni Claire sa anak.

“Yes, Ma.”

Kunot-noong tinitigan siya nito; wala sa sariling nakangiti siya.

“Why are you smiling? What’s funny?”

“Nothing. Masaya lang ako.”

“Masaya? Hmm... let me guess, dahil ba kay Dallas?”

Rick made a smug grin. “I think I like her.”

“Oh, really? Sigurado ka bang like lang?” pagbibiro nito na tinawanan lang niya.

“I’ve only met her a few hours ago, Ma. Masyado pang maaga. It could just be a fleeting attraction. Or it could be something deeper. Who knows? You know me. Hindi ako impulsive pagdating sa ganitong mga bagay.”

It was true. Matalino si Rick. Hindi siya gumagawa ng isang bagay na hindi niya tiyak kung ano ang kahihinatnan. Isa siyang sigurista.

“And what if it’s really more than a fleeting attraction? Remember your rule? No romancing the female employee. And she is an employee, Rick.”

Lumapit ang binata. “Have you heard of the cliché, rules are meant to be broken?”

Tumaas ang isang kilay nito. Muli ay tumawa siya. Hinalikan niya ito sa pisngi bago nagpaalam.

“Babalik na muna ako sa kuwadra.”



“Be home by seven, okay?” anitong hatid pa rin siya hanggang sa labas ng bahay.

Sumaludo lang ang binata at sumakay na sa jeep. Naiiling na sinundan na lamang ni Claire ng tingin ang anak. Pagpasok ay napatingin siya sa itaas, kung saan alam niyang naroon si Dallas at nagpapahinga. Malalim ang pinakawalan niyang buntong-hininga.

Hindi niya alam kung tama bang pinapunta pa niya rito ang dalaga. She was all grown up now and matured enough to take care of herself. Kung tutuusin ay tapos na ang tungkulin niya rito. Subalit hindi niya magawang hayaan na lamang ito. Pakiramdam niya, hanggang ngayon ay kargo de konsyensya pa rin niya ang dalaga.

At mukhang tinamaan pa yata ang kanyang kaisa-isang anak dito. As a mother, masaya siyang makitang masaya si Rick. Pero hindi rin niya mapigilang mangamba. Sadyang mabigat ang lihim na itinatago niya. Lihim na wala isa man sa dalawa ang nakakaalam. Sooner or later ay kailangan din niyang ibunyag iyon. At tiyak niyang may masasaktan siya.

---

Pagmulat ni Dallas ng mga mata ay hindi ang

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

pamilyar na silid ang namulatan niya. Disoriented siyang tumayo. Napabuntong-hininga siya nang maalalang wala nga pala siya sa Manila. Sinulyapan niya ang alarm clock sa side table; alas seis y media na ng gabi. She had slept for almost three hours.

Lumapit siya sa bintana at hinawi ang kurtina. It was summer at kahit dapit-hapon na'y maliwanag pa ang langit. Napasinghap siya sa kanyang nakita.

Hectare by hectare of gently rolling terrains, hills and flat grasslands. She could make out a horse corral in the distant. Sa kabilang side ng isang mababang burol ay isang pastulan kung saan maraming nanginginain na baka. May natanaw rin siyang isang hilera ng modern barns.

It was indeed a dream come true for her, to be in this paradise. Excited na siyang simulan ang trabaho niya. Kung maaari nga lamang niyang malibot ang buong rancho ngayon pa lang.

Isang katok ang pumukaw sa pagmumuni-muni niya. Sumungaw ang isang katulong sa nabuksang pinto.

“Ma’am Dallas, handa na po ang hapunan.”

“Sige, salamat. Susunod na ako,” aniyang nakangiti. Nang isinara nito ang pinto ay umupo siya

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

sa dresser at sinuklay ang mahaba at kulot niyang buhok. Kumuha siya ng pantali and tied her hair into a ponytail. Nag-apply rin siya ng pulbos. Hindi na niya kailangang magbihis dahil kanina ay nag-shower muna siya bago umidlip. Tumayo siya at inayos ang kanyang empire cut summer dress na hanggang tuhod ang haba.

Nang masigurong wala nang maipipintas sa hitsura niya ay lumabas na siya ng silid at bumaba.

“O, Hija, halika na,” aya ni Claire nang lumitaw siya sa dining room. Umupo siya sa silyang nasa kaliwa nito.

“Nakapagpahinga ka ba nang maayos?” tanong nito.

“Opo. Salamat nga po pala. My room’s really nice.”

Ngumiti ito. “Mabuti naman at nagustuhan mo.”

May napansin siya at nahihiyang binalingan ang kausap.

“T-tayong dalawa lang po ba ang kakain?”

“Unfortunately, yes. May nakitang sira sa north fence, kaya’t kinailangan nina Rick na kumpunihin iyon agad. Maaari kasing makawala ang mga baka

kung hindi agad iyon aayusin.”

Hindi niya maintindihan ang nadamang disappointment. Sayang... nagpaganda pa naman siya dahil expected niyang makakasalo nila ang binata.

Bigla ay parang nawalan siya ng gana. Ang kaninang masarap na pagkaing nakikita niya ay nawalan ng appeal sa kanya.

Nevertheless, she ate. Ayaw niya kasing ipahalata sa employer niya na hinahanap niya ang anak nito. Hindi niya alam kung ano ang iisipin ng babae. Claire might not want her fantasizing over her son.

“Siyanga pala, okay lang ba sa iyo kung mag-umpisa ka na bukas ng trabaho mo? May mga bagong dating na thoroughbreds kasi at ilang baka din ang due na manganak. Hindi na kinakaya ni Dr. Fred ang trabaho dito sa rancho.”

Kilala niya kung sino si Dr. Fred. Nabanggit na ng biyuda sa kanya noon na ito ang resident veterinarian. Nasabi na rin sa kanya ng matandang babae na nakatakda na itong magretiro at hinihintay lamang ang pagdating niya.

“Wala pong problema. Excited na nga po akong mag-umpisa.”

“I’m glad to hear that, Hija. Sana’y hindi ka mahirapang mag-adjust. Maaga kasing nagsisimula ang araw dito sa rancho.”

“Sanay po akong gumising nang maaga. Huwag po kayong mag-alala.”

Isang tango at isang malapad na ngiti lang ang isinagot ng kausap.

---

It was almost ten o’clock in the evening. Pagod na umakyat sa hagdanan si Rick patungo sa kanyang silid. He had already missed dinner. Kung hindi lang kailangang makumpuni kaagad ang nasirang bakod, kanina pa sana siya nakauwi.

Pumasok siya sa kanyang kuwarto at hinubad ang lahat ng damit. He grimaced when he saw the cut on his arm. Aksidente siyang sumabit sa barbed wire at lumikha iyon ng dalawang pulgadang sugat sa kanyang braso. Itinapat niya ang sarili sa hot shower at hinayaang tangayin ng maligamgam na tubig ang lahat ng pagod sa kanyang katawan. Pagkatapos ng ilang minuto ay nagbihis siya at lumabas ng silid. Nakasuot lamang siya ng sando at boxer shorts.

Papasok na siya sa kusina nang siyang pasok naman ni Dallas mula sa back door. Mukhang galing

ito sa garden.

Kapwa sila natigilan nang makita ang isa't isa. Ito ang unang nakabawi sa pagkabigla.

“H-hi! Kanina ka pa ba dumating?”

“Kararating ko lang. Bakit hindi ka pa natutulog?”

“Hindi pa ako inaantok. Napasarap kasi ang pagkakaidlip ko kanina.” Sandali itong tumitig sa kanyang mukha. “Kumain ka na ba?”

“Ngayon pa lang. Pupunta na nga sana ako sa kusina.”

Napatangu-tango lamang ito.

“Would you like to join me?” aya niya. “Hindi kasi ako sanay kumaing mag-isa.”

“Pero busog pa ako.”

Nagkibit-balikat siya. “You can always have a cup of coffee. O kung gusto mo, kuwentuhan mo na lang ako habang kumakain ako.”

Napabungisngis si Dallas, at parang napako na siya sa kinatatayuan. She was the most fascinating person he had ever met. At hindi niya alam kung bakit niya iyon naisip gayung wala pa siyang gaanong alam tungkol sa dalaga maliban sa matalino ito at

maganda.

“I guess I’ll just have a cup of coffee.”

Sumabay ito sa kanya sa kusina.

“Maupo ka na lang diyan. Ako na ang maghahain para sa iyo,” anito.

“Nakakahiya naman. You’re supposed to be our guest.”

Muli itong humagikgik. “Hindi ako isang guest. Tauhan n’yo rin ako, di ba?”

“Pero sa field ang trabaho mo, hindi dito sa loob ng bahay.”

She shrugged her shoulders. “I don’t mind. Hindi naman mahirap ang gagawin ko. At sanay ako sa gawaing-bahay.”

“Talaga?” Pinagmasdan niya ito. “Ang suwerte naman ng magiging asawa mo.”

---

Hindi maintindihan ni Dallas kung bakit kaagad siyang namula sa simpleng sinabi ni Rick. Nag-init ang buo niyang katawan at hindi niya magawang salubungin ang mga mata ng binata. Nahihiyang ngumiti na lamang siya at naghain na ng pagkain

para rito.

Nagtimpla na rin siya ng kape habang kumakain ito at umupo sa silyang katapat ng binata sa mesa.

May pagkaaliw niyang tinitigan ang maganang pagkain ni Rick. Parang hindi ito mayaman kung umasta. Walang yabang sa kilos nito. Wala sa sariling pinagmamasdan niya ang lalaki nang mapuna niya ang malaking sugat nito sa braso.

“Napaano ang braso mo?” nag-aalalang tanong niya. Umangat ang ulo nito, tumitig sa kanya at pagkatapos ay ibinaling ang pansin sa braso nitong may sugat.

“Eto? Wala, maliit na aksidente lang kanina.”

“That’s a nasty cut, Rick. It could get infected.”

He stared at her with amusement. Hindi na lamang niya pinansin ang panunukso ng mga mata nito. The doctor in her was suddenly on alert.

“Ang mabuti pa’y tapusin mo na ang pagkain mo. Gamutin natin iyan pagkatapos. You shouldn’t ignore that cut,” she said with all the professionalism honed in her.

“Yes, Doctor!” Malapad ang naging pagngiti nito.



“Aray! Dahan-dahan naman!” reklamo ng binata. Nasa sala sila at kasalukuyan niyang dini-disinfect ng alcohol ang sugat nito.

“Masuwerte ka’t hindi malalim itong sugat mo. Kung hindi, kakailanganin mo pa ng stitches para dito.”

“S-stitches?” Gusto niyang bumunghalit ng tawa nang makitang namutla ito.

“Takot ka sa karayom, ano!” pang-aasar niya. Hindi siya makapaniwalang sa laki nitong tao ay takot ito sa tusok ng karayom.

“H-hindi, ah! Ayoko lang ng may tumutusok sa balat ko,” pangangatwiran nito. Tinaasan niya ito ng kilay at sinadyang idiin ang bulak sa sugat nito. “Ouch!”

Doon na siya napatawa. “You’re such a baby, Rick!” biro niya. “Don’t worry, I don’t need to stitch you up. Antibiotic cream lang ang kailangan nito.”

Nilagyan niya ng gamot ang sugat nito at tinakpan ng gauze.

“Tatakpan ko muna para hindi lumala. Ingatan mong huwag madumihan ito bukas, ha? There.”

Hinagod pa niya ng daliri ang naka-gauze na braso nito. “You’ll be all right.”

Nginitian niya ang lalaki na titig na titig pala sa kanya. Napatikhim siya dahil sa pagkaasiwa. Kaagad siyang nagbaba ng paningin.

“Uhm... ang mabuti pa’y umakyat ka na at magpahinga. Ililigpit ko lang ang mga ito at aakyat na din ako.”

“Ako na ang magbabalik niyan sa cabinet.” Inagaw nito ang first aid box sa kanya. His fingers touched hers at napaigtad siya sa biglang pagdaloy ng nakapapasong kuryente sa kanyang katawan.

She watched as he walked to put the box back inside the medicine cabinet. Panay ang pagbuga niya ng hangin.

Rick’s towering height, the captivating physical features, his agility and authoritative presence were dangerous combination. He could make her fall for him by just being himself.

Dallas clutched her chest. Hindi na siya nagtaka sa mabilis na pagtibok ng kanyang puso. It seemed that she was madly attracted to her boss. At mukhang dito pa yata siya mai-in love nang totoo.

### 3

“Mga Brangus cattle ang inaalagaan natin dito,” panimula ni Dr. Fred habang binibigyan siya nito ng tour sa bawat sulok ng rancho. Una nilang pinuntahan ang grazing ground kung saan naroon ang mga baka na nangingingain ng Napier grass, isang uri ng legume na pasadyang pinatubo sa area para gawing pagkain ng mga hayop.

“Mataas ang tolerance nila sa hot weather, kaya akma sila sa climate na katulad ng sa Pilipinas. They’re a cross between an Angus and a Brahman, kaya’t maganda rin ang karneng nakukuha sa kanila.”

“Bakit po nakahiwalay ang isang iyon?” turo niya sa isang baka na nasa hiwalay na kural at mag-isang nangingingain.

“Ah, iyan si Toro, isang Brangus bull. Ginagamit siya for breeding purposes.”

Nangunot ang kanyang noo.

“Huwag kang mag-alala, Hija. May mga taong naka-assign sa bawat gawain dito sa rancho. Ang tanging trabaho lang nati’y ang siguruhing malulusog ang mga alaga natin at properly accounted for sila.

Alam mo na, uso ang cattle rustling lalo na sa ganito kalaking rancho. So far, wala pa namang nangyaring ganoong aksidente dito, thanks to Rick.” May fondness sa tinig ng matandang beterinaryo. “Napakasipag at napakaresponsable ng batang iyon. Masuwerte ang mapapangasawa niya.”

Ikinapula niya ang tinuran nito. At hindi rin niya napigilan ang biglang pag-ahon ng kilig.

“Ang mabuti pa’y pumunta na tayo sa may horse corral.”

Muli silang lumulan sa pick-up truck.

Wala pang sampung minuto nang marating nila ang kabilang ibayo kung saan naroon ang mga pangkarerang kabayo na inaalagaan din sa rancho.

Halos lahat ng mga tauhan ay nakapaikot sa maliit na kural. Nagsisigawan ang mga ito at aliw na aliw sa pinapanood.

Curious na tumingin siya kay Dr. Fred.

“Mukhang pinapaamo na ni Rick ang bagong dating na stallion,” anitong may excited na ngiti sa labi.

Sabay silang bumaba ng pick-up at nakisiksik sa mga lalaking nanonood.

Nanlaki ang mga mata ni Dallas at muntik na siyang mapanganga nang makita ang pinapanood ng mga ito.

Rick sat astride a big, black stallion. Wala itong gamit na saddle at mahigpit ang hawak sa rein upang makontrol ang kabayo. The horse continued to buck and rear, but Rick strongly held on. Nangingintab na ang hubad-baro nitong katawan dahil sa pawis. Gumagalaw ang mga muscles nito sa braso at sa dibdib.

Bakas ang konsentrasyon sa mukha ng binata. Salubong ang mga kilay nito at matiim ang pagkakalapat ng mga labi. Nagtatagis din ang mga bagang nito.

She watched in awe. Muntik na siyang mapasigaw nang sa minsang pag-ikot ng kabayo ay muntik nang makabitaw si Rick. Pero himalang nakabawi ito ng balanse.

Lumilikha ng alikabok ang bawat pagdamba ng hayop. Patuloy naman sa pag-cheer ang mga nanonood. Nagpatuloy pa iyon nang ilang minuto bago unti-unting kumalma ang nagwawalang kabayo. Tumigil na ito sa pagdamba at nakontento sa mabagal na pagtakbo. Nagagawa na rin itong hawakan ni Rick sa mukha.

The horse finally yielded to its rider.

Nagpalakpakan ang mga tao. Pinahinto na ni Rick sa pagtakbo ang hayop at nag-dismount. Lumabas ito ng kural at hinayaang magpaikot-ikot sa loob ang kabayo.

Sinundan niya ng tingin ang binata. Lumapit ito sa isang tauhan at kinuha ang bote ng mineral water mula rito. Ininom nito ang kalahati at ang kalahati ay ibinuhos sa mukha.

Napalunok siya. Parang eksena ito ng isang cowboy film. And the cowboy was definitely so sexy!

Dinampot nito ang hinubad na t-shirt at muling isinuot. Doon na siya nakita nito.

Sandali lang itong nasorpresa. Kaagad siyang nilapitan nito.

“Hi!” anitong labas ang mapuputing ngipin sa pagkakangiti. Bahagya pa itong humihingal. “Kanina ka pa nandito?”

“Yup. Kasama ko si Doc Fred.”

Hinanap ng kanyang mga mata ang matandang beterinaryo. Nakita niya itong may kausap.

Sa muling pagharap niya sa binata ay nagulat pa

siya dahil sa sobrang lapit nito. She could smell the mixture of sweat and masculine cologne. At sa halip na mandiri ay parang gusto pa niyang maglaway sa amoy nito. Lalaking-lalaki kasi.

“Y-you did good in there,” aniyang ikiniling ang ulo sa gawi ng kural. “Ang akala ko kanina, mahuhulog ka pa.”

“Bakit? Nag-alala ka ba?”

“Hmm... oo. Pero alam ko namang kayang-kaya mo ang ginagawa mo.”

Tumawa ito nang malakas.

“So how was your day so far? Hindi ka pa ba pinahihirapan ni Doc?” tanong nito na inakay siya sa malilim na bahagi.

“Okay lang naman. Actually, we’re just driving around the property.”

“Dallas!”

Kapwa sila lumingon. Palapit sa kanila si Doc Fred.

“Hi, Doc!” bati ni Rick dito. “Kumusta ang mga bagong calves?”

“Kaya ko nga tinawag si Dallas. Babalik na kami

sa kabila para simulan ang paglalagay ng ear clips.”

Ang paglalagay ng ear clip ay isang palatandaan na pag-aari ng *Rancho Brillantes* ang mga baka. Nabanggit nito kaninang nasa dalawampung calves ang lalagyan nila ng ear clips. At may ilan ding kailangang i-castrate.

“Why do I get the feeling na ayaw ninyong ipakausap sa akin si Dallas?” pagbibiro ng binata.

Ngumisi ang vet. “It’s a busy day today, Rick. At isa pa,” anito na lumapit pa lalo sa kausap, “hindi tamang i-entertain ang isang magandang dilag sa ganyang hitsura. You stink, Rick!”

Sumimangot ang kanilang amo. Napahagalpak ng tawa ang dalaga.

---

Eksaktong alas cinco ng hapon nang matapos ang trabaho ni Dallas. It was a tiring day but also a very fruitful one. Marami siyang natutunan kay Doc Fred, lalung-lalo na sa pag-aalaga sa mga imported cattles at kabayo. Marami itong useful techniques na itinuro sa kanya.

Matapos masigurong nasa ayos ang lahat sa loob ng makeshift clinic na storage room din ng kanilang



medical supplies ay lumabas na siya. Tiyempong huminto sa tapat niya ang jeep ni Rick.

“Sakay na!”

Nakangiti siyang sumakay. Nag-U-turn ito. Isang block bago ang bahay ay kumaliwa ito at huminto sa tapat ng stable. Doon itinitigil ang mga kabayong pang-personal na gamit ng mga tagarancho.

“Ano’ng gagawin natin dito?” tanong niya.

“May ipapakita ako sa iyo.”

Tumaas ang isang kilay niya. Ngunit sa halip na magpaliwanag ay ngumisi lang ito.

There must be around ten to fifteen horses inside the stable. Naging alerto ang mga kabayong nakakulong sa stalls nang pumasok sila.

“Wait here,” Rick said. Tinungo nito ang dulong stall sa kanan at inilabas ang nasa loob niyon.

It was the most beautiful mare she had ever seen. Animo bulak sa puti ang katawan nito na malaking contrast sa itim nitong mane. Sa gitna ng mga mata nito ay isang heart-shaped dark spot.

“This is Swiftwind.”

“Oh my! She’s beautiful.” Lumapit siya at

hinawakan ang mukha at leeg ng kabayo. Hindi ito nag-alboroto at parang bata pang hinahabol ang kamay niya. Rick placed a sugar cube on her palm at kaagad iyong isinubo ng kabayo nang itapat niya ang palad sa bibig nito.

She giggled in pure excitement.

“She’s yours.”

Namimilog ang mga matang tumingin siya sa binata.

“Seryoso ka?” di-makapaniwalang paniniguro niya.

“Kailangan mo ng kabayo dahil hindi naman lahat ng sulok nitong hacienda’y mapapasok ng sasakyan.”

“Oh, thank you, Rick!” Wala sa loob na nasugod niya ito ng yakap. Nagulat din siya sa ginawa. Namumula ang mukha na kumalas siya rito. “S-sorry, nabigla lang ako.”

Tumawa ito. “Gusto mo siyang subukan?”

Sandali siyang nag-alangan. Knowing about a horse’s anatomy and riding one were entirely different things.

“I guess, kailangan ko munang pag-aralan. I d-don’t know how to ride a horse yet.”

Rick patted Swiftwind’s side gently. “Then let’s start your riding lessons now.”

“H-ha?” Bahagya siyang namutla.

“Come on. Tutulungan kitang sumampa.”

Hindi nito nilagyan ng saddle ang kabayo. Reluctant siyang sumunod. Parang tinatambol sa kaba ang dibdib niya. Kumilos ang kabayo nang maramdaman ang bigat niya sa ibabaw nito.

“Easy. Hindi ka malalaglag. Just hold the reins firmly,” sabi ng lalaki. Kabado siyang tumango.

Sumampa ito sa likuran niya. Kumilos si Swiftwind nang maramdaman ang bigat nilang dalawa.

“Hindi niya tayo kakayanin.”

He patted the mare’s side. “She’s a tough lady. At saka isa pa, para namang wala kang bigat.”

Gustong kontrahin ni Dallas ang sinabi nito. As a veterinarian, alam niyang makakasama sa kabayo ang sobrang bigat na load. It could damage the horse’s kidney. Pero napipi na siya. Paano ba naman ay pumaikot na ang isang braso ni Rick sa baywang

niya at ang isang kamay ay pumatong sa kamay niyang may hawak ng renda.

“Don’t worry, ngayon lang natin gagawin. Gusto ko lang maranasan mo kung paano sumakay ng kabayo.”

*Oh, God!* she groaned silently. Naramdaman kasi niya ang katawan ng binata na nakadikit sa likod niya. Sa halip na mapanatag ay lalong bumilis ang tibok ng kanyang puso. Pero hindi na siya sa kabayo natatakot.

Pakiramdam niya ay nakasandal siya sa isang matigas na pader. Only, it was warm and moving, and oh, so inviting! Dama niya ang bawat pagpiksi ng mga muscles ni Rick sa bawat pagkilos nito. Kahit ang mga hita nito na nakadikit na sa mga hita niya ay nagdudulot din ng nakakakiliting pakiramdam. All she wanted to do that time was to lean back, place her head on his shoulder and close her eyes.

“Ready ka na?” bulong nito. She shivered as his breath tickled her nape.

“O-oo...” hiras niyang sagot. Hindi niya marinig ang sariling tinig dahil sa lakas ng pagtibok ng kanyang puso.

Itinuro nito sa kanya kung paano pakilusin ang

kabayo. Ginawa niya ang instruction nito at ipinitik ang renda. Swiftwind broke into a canter. Napasandal siya sa kasama nang di-sinasadya. Rick's arm steadied her.

“Relax ka lang. Huwag kang matakot. Mase-sense ni Swiftwind ang nararamdaman mo.”

Gusto niyang sabihin na hindi siya natatakot sa kabayo. Masyado lang siyang tensyonado dahil sa lalaking nasa kanyang likuran at nakayakap na sa kanya.

Kung ganitong wala namang malisya sa kilos nito ay ganito na kagulo ang pakiramdam niya, paano pa kaya kung may halong pagnanasa na ang gagawin nitong pagyakap sa kanya?

He would turn her senses into a complete mess, that's for sure!

“S-saan mo ba balak pumunta?” aniyang nilingon ito nang bahagya. Humigpit ang pagkakayakap nito sa baywang niya.

“You'll see.”

Hindi na lamang siya kumibo. Pilit siyang nag-concentrate sa dinaraan nila. Pero mas malakas ang hatak ng imahinasyon.

Swiftwind's steady canter caused their bodies to rise and fall in a stable rhythm. Masyado na sigurong repressed ang utak niya dahil pakiramdam niya, it's like they were in the act of making love! At ganoon din ang imaheng nabuo sa kanyang isip.

Involuntarily, she moaned.

Malakas ang hanging tumatama sa kanyang katawan, subalit mainit ang kanyang pakiramdam. Parang isang live wire ang buong katawan niya na anumang sandali ay handang mag-spark kapag nadikit sa isa pang metal.

Nagpatuloy sa pagtakbo si Swiftwind bago nila narating ang tuktok ng isang burol.

Umalis sa likod ng kabayo si Rick at inalalayan siyang bumaba.

“This is the highest place here. Tanaw mo ang kabuuan ng rancho. Nakikita mo ba iyon?”

Nasa likuran niya ang binata. He was leaning forward, kaya ang mukha nito ay nasa tabi lang ng mukha niya. She could feel the warmth from his cheek, and the intoxicating scent of his cologne caused her to lose control of her senses.

Hindi na niya naintindihan ang sinabi nito.

*I Have Always Loved You - Doreen Laroya*

---

Everything around her turned into a blur and the only thing she was aware of was the presence of the man standing so close behind her. And her overpowering urge to turn around and feel his tight embrace and his sweet lips on her.